



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Abril 24, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tom Flannigan - 415.749.4900

Nag-aalok ang Air District (Distrito ng Hangin) ng \$50 milyon na mga gawad na pondo upang bawasan ang pagpaparumi ng hangin mula sa mga matitibay na makina

SAN FRANCISCO – Tumatanggap ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ng mga aplikasyon gawad na pagpopondo para sa mga proyekto na nagbabawas ng mg nakalalahong emisyon ng hangin at mga nagpaparumin na bumubuo ng ozone mula sa mas luma at nagpaparuming mga makinang diesel sa pamamagitan ng Programang Gawad para sa Proteksiyon ng Kalusugan ng Komunidad.

Kabilang sa mga karapat-dapat na kagamitan ang katamtaman at matitibay na mga trak at bus, naililipat na konstruksiyon at kagamitang pang-industriya, mga sasakyang-dagat, mga lokomotibo at mga bus ng eskwelahan. Magagamit ang pagpopondo para sa mga proyekto na:

- Papalit sa mas lumang kagamitan na may mas bago at mas malinis na kagamitan
- Papalit sa mas lumang mga makina na may mas bago at mas malinis na makina o nagpapalit sa sistema ng lakas na walang emisyon
- Magtatayo ng impra-istruktura ng pagcha-charge ng kuryente o paglalagay ng gatong bilang suporta sa bagong kagamitan na wala o halos walang emisyon

“Ang pagpaparumi sa hangin ng diesel ay ang pinakamalaking nakalalasang pamparumi sa hangin sa Bay Area at isang pangunahing naghahatid ng mga kaugnay na problema sa kalusugan na dala ng hangin sa ilang komunidad sa Bay Area,” sabi ni Jack P. Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District (Distrito ng Hangin). “Nagbibigay ang gawad na pagpopondo na ito ng karagdagang kasangkapan upang makatulong na bawasan ang singawan ng diesel at paghusayin ang kalidad ng hangin sa ating mga pinakaapektadong kapitbahayan.”

Awtorisado ng AB 617, nakikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa mga residente ng lokal na komunidad sa pamamagitan ng Programa para sa Proteksiyon ng Kalusugan ng Komunidad upang gumamit ng napatunayan at makabagong estratehiya upang mapahusay ang kalusugan ng komunidad sa pamamagitan ng pagbabawas ng pagkahantad sa mga pamparumi sa hangin sa nga kapitbahayan na pinakaapektado ng pagpaparumi sa hangin. Bilang isang maagang bahagi ng pagkilos ng Programa para sa Proteksiyon ng Kalusugan ng Komunidad, inilaan sa Air District ang \$50 milyon para sa mga karapat-dapat na proyekto na makakakuha ng agarang mga pagbabawas ng emisyon sa mga komunidad na pinakaapektado ng pagpaparumi sa hangin.

Dapat ipagkaloob ang gawad na pagpopondo sa mga may-ari ng karapat-dapat na kagamitan at mga sasakyan sa Hunyo 2019. Para sa unang taon ng programang ito tatanggap ang Distrito ng Hangin ng

mga aplikasyon para sa mga proyekto na makakabawas ng mga emisyon sa mga komunidad sa mga 80/880 freeway mula sa Hayward hanggang Richmond, at mula sa Vallejo hanggang Pittsburg. Gaganap ng mahalagang tungkulin ang komento ng komunidad sa pamamagitan ng pagpapaalam ng pakikipag-ugnayan ng proyekto at mga proseso ng pagkakakilanlan ng proyekto ng Air District.

Magagamit ang kawani ng Distrito ng Hangin upang sagutin ang mga tanong tungkol sa proseso ng aplikasyon at mga kinakailangan sa gawad. Para sa mas maraming impormasyon tungkol sa programang gawad o upang magsimula ng aplikasyon online, bumisita sa website ng Air District website sa www.baaqmd.gov/AB617grants o tumawag sa 415-749-4994.

Binuo ang Programa para sa Proteksiyon ng Kalusugan ng Komunidad upang maging isang proseso na binuo ng komunidad at malinaw na nagtatatag ng kakayahan sa mga komunidad upang bawasan ang mga emisyon at pagkahantad sa pagpaparumi sa hangin. Mahalaga ang mga pananaw mula sa mga komunidad sa Bay Area sa prosesong ito, kaya naghahangad ang Air District ng mga rekomendasyon sa pamamagitan ng isang [survey](#) upang makatulong sa pagpapatupad ng AB 617.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)